SOCIAL SCIENCE DILIMAN
13:1 January–June 2017

ARTICLE

# "Ang sugo ng bayang api" Si Benigno Ramos at Misyong Sakdal sa Kasarinlan (1932-1933)

**Marlon S. Delupio**

49 – 73

ABSTRAK

Itinuring na panahon ng pagsulong ng mga Pilipino sa kasarinlan laban sa mga Amerikano ang mga taong 1919 hanggang 1934. Maisasakonteksto ang mga pagkilos na ito sa pamamagitan ng dalawang pangkasaysayang kaganapan na nagkaroon ng epekto sa Pilipinas: ang pagbagsak ng ekonomiya ng Estados Unidos noong 1929 at ang banta ng digmaan laban sa mga Hapon. Bunsod ng mga kaganapang ito, naging bukas ang mga Amerikano sa posibilidad ng pagbibigay ng kalayaan at kasarinlan sa Pilipinas. Patunay rito ang pagkakaroon ng ibayong sigla ng mga misyong pangkasarinlan sa Estados Unidos sa pangunguna nina Manuel L. Quezon, Sergio Osmeña, at Manuel Roxas.

Ang *Sakdal*, isang pahayagan na naging kilusang panlipunan sa kalaunan, ay isinilang sa mga kritikal na sandali ng pakikipagtunggali ng mga Pilipino laban sa kolonyalismong Amerikano sa Pilipinas. Isinulong nito, sa pamamagitan ng naging patnugot na si Benigno Ramos, ang kasarinlan ng Pilipinas bilang sagot sa kaabahan at kawalan ng kaunlaran sa buhay ng mga karaniwang Pilipino. Mula sa mga naunang pag-aaral at mga pananaliksik na naisagawa na sa Sakdal at kay Benigno Ramos, layunin ng papel na ito na bigyan ng kaukulang pag-aaral ang "Misyong Sakdal sa Kasarinlan" na hindi pa napagtutuunan ng malalim na pansin at pagtalakay. Ang *Pahayagang Sakdal* na mayaman sa impormasyon hinggil sa Misyong Sakdal sa Estados Unidos, ang pangunahing batis pangkasaysayan na gagamitin. Tatangkain din ng papel na suriin ang ilang mga tulang Sakdalista na sumakonteksto sa naging tunguhin ng samahan sa pagpapadala ng kinatawan o sugo sa kampanya sa kasarinlan sa mga taong 1932–1933, sa pamamagitan ni Benigno Ramos bilang "Sugo ng Bayang Api."

SUSING SALITA

Sakdal, Benigno Ramos, Misyong Sakdal sa Kasarinlan,
*Pahayagang Sakdal*, Tulang Sakdal

ISSN 1655-1524 Print
ISSN 2012-0796 Online

ABSTRACT

The years 1919 to 1934 witnessed the Filipino struggle for independence against the United States. This will be examined by contextualizing the struggle for independence within the period of the Great Depression in 1929, which had ramifications on the economic conditions of the United States, as well as the threat of the Japanese invasion that threatened the Philippines. These two factors created the possibility for the Americans to concretely entertain the idea of granting independence to the Philippines. The Philippine Independence missions to the United States headed by Manuel L. Quezon, Sergio Osmeña, and Manuel Roxas, proved this.

The *Sakdal*, which began as a forthnightly and later on developed into a social movement, came about during the critical moments of the Filipinos' struggle against American colonialism. The Sakdal was founded on the belief, espoused by its founder Benigno Ramos, that Philippine independence was the answer to address poverty and improve the plight of the ordinary Filipinos. In this regard, this paper will also focus on the Sakdal Mission for Independence from 1932–1933, which remain understudied and unexplored as an important aspect of the Philippine struggle for independence. The *Pahayagang Sakdal*, which is a rich source of information on the Sakdal independent mission to the United States will be the the primary source used for this paper. An analysis of poems by Sakdalistas, which express their views on the independence mission and of Benigno Ramos as "Envoy of this Hapless Land" will also be undertaken.

KEYWORDS

Sakdal, Benigno Ramos, Sakdal Independence Mission,
Sakdal Newspaper, Sakdal poetry

## Panimula: Benigno Ramos at ang Sakdal

Ipinanganak si Benigno Ramos sa Baryo Taliptip, Bulakan, noong 10 Pebrero 1893 (Pascual 1983, 74). Parehong naging kaanib sa Himagsikan noong 1896 ang kaniyang mga magulang na sina Catalino Ramos at Benigna Pantaleon, ang una bilang kawal at ang huli bilang tagapangalaga ng mga sugatang kasapi ng Katipunan. Nag-aral si Ramos sa isang pampublikong paaralan sa bayan ng Malolos at noong 1910, naipasa niya ang pagsusulit at nakakuha ng Sertipiko sa Pagtuturo. Naging guro siya nang dalawang taon sa Taliptip at matapos nito'y nagpasiyang magtungo sa Maynila noong 1912 (Sturtevant 1976, 217).

Naging alagad ng sining sa pagsulat si Benigno Ramos sa Maynila. Sumulat siya ng mga tula at paminsan-minsan ay naimbitahan bilang orador sa mga pagpupulong. Nagsulat din siya sa mga pahayagan at magasin tulad ng *La Vanguardia*, *El Debate*, *Ang Mithi*, *Taliba*, *El Ideal*, *Renacimiento Filipino*, *Liwayway*, *Sampaguita*, *Alitaptap,* at *Pagkakaisa*. Ang kagalingan niya bilang isang makata at tagapagsalita sa mga pulong ang nakatawag ng pansin sa noo'y Pangulo ng Senado na si Manuel L. Quezon, na humirang sa kanya bilang tagapagsalin sa pamahalaan. Noong 1919, naipasa ni Ramos ang pagsusulit sa serbisyo sibil (civil service classification) at noong 1929, hinirang siya bilang pinuno sa "Clipping Division" ng Senado dahil sa pagiging malapit niya kay Quezon (Sturtevant 1976, 217).

Noong Enero 1930, nagkaroon ng insidente ng pambubugbog sa mga manggagawang Pilipino sa California dahil sa pagpoprotesta nila sa pagkamatay ng isang batang Pilipino na tagapulot ng letsugas (Terami-Wada 1994, 54). Noong Pebrero 1930, dalawang linggo matapos ang insidente sa California, naganap ang tunggaliang panlahi sa pagitan ng mga Pilipinong mag-aaral sa Mataas na Paaralan ng Hilagang Maynila na nagsagawa ng kilos protesta at "walk-out" upang mapatalsik ang kanilang guro na si Mabel Brumitt (Terami-Wada 1994, 56). Ang pag-insulto ng nasabing Amerikanong guro sa mga Pilipinong mag-aaral nito ang tinukoy na dahilan ng protesta (Sturtevant 1976, 218). Napagitnaan si Ramos ng protesta ng mga Pilipinong mag-aaral at mungkahi ni Quezon na huwag na siyang makialam sa usapin. Sa kalaunan, nanindigan si Ramos at pumanig sa mga Pilipinong mag-aaral na nagpoprotesta at bunga nito, hiniling ni Quezon ang kaniyang pagbibitiw noong 18 Hunyo 1930 (Terami-Wada 1992, 57). Ang mga kaganapang ito ay nagsilbing hamon kay Ramos upang suriin ang pamumuno ng mga Amerikano sa Pilipinas at ang pakikipag-alyado ng mga Pilipinong pulitiko sa kanila.

Itinatag ni Ramos ang *Pahayagang Sakdal* noong 28 Hunyo 1930, sampung araw matapos siyang magbitiw sa tungkulin (Terami-Wada 1992, 33). Upang pasimulan ang pahayagan, lumikom siya ng salapi mula kay Guillermo Masangkay, Francisco Varona, at mga malalapit na kaibigan. Noong 5 Hulyo 1930, inilabas ang kauna-unahang isyu ng *Pahayagang Sakdal*. Hinabi ng pahayagan ang dalawang pangunahing layunin: ang pagkakaroon ng pambansang kasarinlan, at katarungang panlipunan (Pascual 1983, 219).



## Ang "Misyong Sakdal para sa Kasarinlan"

Isang malaking usapin noong 1932 ang hidwaan sa politika dahil sa panukalang batas para sa kalayaan ng Pilipinas na tinaguriang Hare-Hawes-Cutting Act. Mariing binatikos ng mga Sakdalista ang batas na ito. Bilang pangunahing hakbang, nagkaisa ang mga Sakdalista na magpadala ng sariling kinatawan sa Estados Unidos upang personal na ihayag ang diwa ng pagtutol sa mga Amerikanong mambabatas na nagpahayag ng Hare-Hawes Cutting Act. Bahagi rin ng plano ang pagkuha ng simpatya at suporta mula sa mga mamamayang Amerikano na kumikilala sa pangangailangan at napapanahong kasarinlan ng Pilipinas (Terami-Wada 1994, 67).

## Ang Paghingi ng Kusang Abuloy para sa Sugo

Upang maisakatuparan ang pagpapadala ng kinatawan, inilimbag sa mga sipi ng *Pahayagang Sakdal* sa mga huling buwan ng 1932 ang pagkalap ng tulong at donasyon para sa misyong pangkasarinlan. Kinilala ang hakbang na ito bilang "Kusang Abuloy sa Kasulatan at Sugo ng Bayan Laban sa mga Bill Hare at Hawes-Cutting" (*Pahayagang Sakdal*, 19 Nobyembre 1932, 2). Naging layunin ng Misyong

Sakdal Para sa Kasarinlan [Sakdal Mission for Independence] na pantayan ang mga naunang misyong pangkasarinlan nina Manuel Quezon at Sergio Osmeña sa Estados Unidos na sa kanilang pagtataya ay parehong maging bigo. Inihayag nila at isinulat sa pahayagan ang layunin sa pagpapadala ng sugo para sa kasarinlan:

> Kung makikita naming dumarating sa aming tanggapan ang mga taong kusang-loob na nagsisikilos upang makailak na kadalasan ay kasama ang ilang kabataan at kamatandaan, ay nagugunita naming ang mga salaping ito na binawas sa kakanin ng aming kababayan ay dakila sa kabanalan at kagalang-galang sa kalinisan na iniuukol sa isang layuning walang kapantay, ay nagugunita naming ang lahat ng ito'y siyang magiging matinding katibayan na talagang ang bayang ito na iniligaw sa pananalig at pinaglaruan sa kanyang magandang pag-asa, ay hindi nanglulupaypay sa kanyang Pagsasarili kundi bagkus lalong nag-aapoy sa paguusig ng pinagkamatayan ng ating mga Magulang.
>
> Sa kamay ng magiging sugo, ang mga ala-alang ito ay pusong nangungusap, hinaing ng mga kalulwang sa laot ng pagiisa ay nagsisidalangin sa Lumikha upang maalis na sa kapangyarihan ng ibang bansa itong pinakamamahal na Lupa pagkat samantalang ito'y sakop ay hindi tayo magkakaroon ng kapanatagan at kaginhawahan. Ang mga ala-alang ito'y siyang magiging awit ng Pilipinas na laging sasaliw sa puso ng mga aatasan, magpapatapang sa kahinaan, magtuturo ng mga Matuwid na siyang banal na pangungusap ng kalayaan. (*Pahayagang Sakdal*, 19 Nobyembre 1932, 2)

Ipinarating din ng mga Sakdalista ang kinakailangang malikom na kabuuang halagang Php 4,000.00, upang pondohan ang dalawang kinatawang ipadadala sa Estados Unidos. Ipinaalala rin ng pamunuan nito na kung hindi malikom ang sapat na halaga, nakahanda ang pahayagan na ibalik ang mga salapi sa mga taong nagbigay ng abuloy. Sa ganang ito, ayon kay Motoe Terami-Wada, sinusukat ng pamunuan ang magiging tugon at suporta ng mamamayan hinggil sa usapin ng pagpapadala ng dalawang kinatawan bilang bahagi ng kampanya para sa kasarinlan (1994, 67).

Inilathala ng *Pahayagang Sakdal* noong 26 Nobyembre 1932 ang pagbebenta ng kotse at bahay ng patnugot nitong si Benigno Ramos upang madagdagan ang halagang nalikom (2). Upang maipakita ang katapatan ng mga kasapi inilimbag simula 1932 hanggang 1933, ang mga pangalan, halaga ng ambag, at tirahan ng mga taong nagsipagbigay ng kani-kanilang mga ambag (*Pahayagang Sakdal*, 14 Enero 1933, 2).

Sistematiko ang pagkalap ng salapi mula sa mga tagapagtaguyod ng Sakdal (Talahanayan 1). May tagapangasiwa na nangongolekta ng salapi sa bawat bayan. Inililista naman sa pahayagan ang mga pangalan at halaga ng ambag ng bawat isa. Sa mga pagkakataong may pagkakamali sa pangongolekta at pagtatala ng pangalan o halaga ng ambag ay agaran itong iniwawasto sa pamamagitan ng paglalagay ng sipi at ilang paliwanag hinggil sa pagkakamali (Talahanayan 1). Sa koleksiyon ni A. R. Nicudemo sa Paitan, Baliwag, Bulakan, doble ang naging

bilang ng ambag ni Agustin Salas na may halagang P.05 noong 7 Enero 1933. Ang nasabing pagkakamali ay agad na iniwasto sa siping inilimbag noong 18 Pebrero 1933, at isinaad na ang nasabing halagang naitala ay nagmula kay Berting Mercado. Ang pagkalap ng suporta at ambag para sa misyon ay isinasagawa rin sa iba pang lugar na may mga kasapi ng Sakdal tulad ng Batangas, Camarines Sur, Cavite, Laguna, Lanao, Marinduque, Maynila, Mindoro, Nueva Ecija, Pampanga, Rizal, at Tayabas (*Pahayagang Sakdal*, 18 Pebrero 1933, 2).

**Talahanayan 1. Abuluyan sa Kasulatan at Sugo ng Bayang Api, Lalawigan ng Bulakan**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Baliwag, Bulakan- 4 Peb. 1933**<br>**Sa Pangangasiwa ni Apolonio Cruz** | | | |
| Manuel Romano | P0.20 | Manuel Lim | 0.10 |
| Vicente Almazar | 0.20 | Inocencio Lim | 0.10 |
| Dominador A. Santos | 0.20 | Balbino S. Tiago | 0.50 |
| Patricio M. Cruz | 0.20 | Belen Liyan | 0.05 |
| Victor S. Gonzales | 0.10 | Aida Prencipio | 0.05 |
| Pablo Villacenor | 0.10 | Carmen Victoria | 0.05 |
| Buenaventura G. Cruz | 0.10 | Agripina Aldama | 0.05 |
| Macario del Ponso | 0.50 | Carmen Lim | 0.05 |
| Juan Plimanio | 0.10 | Enriqueta Miranda | 0.05 |
| Kabuuan | | P2.70 | |
| **Sta. Lucia, San Miguel, Bulakan**<br>**Sa Pangangasiwa ni Lucia de Siatco** | | | |
| Florentino Mercado | P0.05 | Francisco Milo Santos | 0.05 |
| Domingo Martin | 0.20 | Escolastica Sta. Ana | 0.05 |
| Alfredo Miranda | 0.05 | Federico Tecson | 1 |
| Tomasa Payawal | 0.10 | Gregorio Santiago | 0.20 |
| Genaro de Guzman | 0.10 | | |
| Kabuuan | | P1.80 | |
| **Matungaw, Bulakan, Bulakan- 6 Peb. 1933**<br>**Sa Pangangasiwa ni Godofredo Francisco** | | | |
| Sixto Cayetano | P0.50 | Victoriano Pena | 0.02 |
| Benito de los Santos | 0.50 | Mateo Sakay | 0.02 |
| Ramon de Guia | 0.20 | Luis Hernandez | 0.05 |
| Godofredo Francisco | 0.15 | Pascual Gutierrez | 0.02 |
| Felix Awa | 0.10 | Emilio Makarasig | 0.02 |
| Venancio Cayetano | 0.10 | Enrique Santilian | 0.02 |
| Deogracias Cayetano | 0.10 | Juan Roque | 0.03 |
| Santiago Sakay | 0.10 | Manuel Francisco | 0.10 |
| Arturo Rodriguez | 0.05 | Paterno Kankin | 0.03 |
| Benito Francisco | 0.05 | Emiliana Francisco | 0.15 |
| Jose de la Pena | 0.05 | Francisco Domingo | 0.05 |
| Deogracias Nicolas | 0.05 | Esteban de la Cruz | 0.02 |
| Bernardo Almario | 0.05 | Felicisimo Zuares | 0.03 |
| Kabuuan | | P2.88 | |
| **Paitan, Baliwag, Bulakan- 12 Peb. 1933**<br>**Sa Pangangasiwa ni A. R. Nicudemo** | | | |
| M. Guevarra | P0.20 | Dionisio Flores | 0.10 |
| C. de Guzman | 0.40 | Benita Manuel | 0.05 |
| G. Nicudemo | 1.05 | Federico Mananghaya | 0.10 |
| Federico Huaiting | 0.10 | G. Mananhaya | 0.20 |
| Felipe Mercado | 0.10 | | |
| Silvestre Cruz | 0.10 | Paalala: Sa labas namin noong ika-7 ng Enero ay nadoble ang pangalang Agustin Salas ang isang nawaglit na di nasama sa lathala ay Berting Mercado na nag-abuloy P0.05. | |
| Joaquin Tolentino | 0.05 | | |
| Delfin Balderama | 0.15 | | |
| Mariano Reyes | 0.15 | | |
| Bernabela Cruz | 0.15 | | |
| Florentino Marcelo | 0.05 | | |
| Andres Pulintan | 0.05 | | |
| Bartolome Garcia | 0.05 | | |
| Kabuuan | | P3.00 | |

**Talahanayan 1. Abuluyan sa Kasulatan at Sugo ng Bayang Api, Lalawigan ng Bulakan (Cont'n)**

**Pinakpinakan, San Rafael, Bulakan- 12 Peb. 1933**
**Sa Pangangasiwa ni Leoncia Cajukom at D. Cano**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Dominga Cano | P0.15 | Alfonso de los Santos | 0.04 |
| Jacobo Santos | 0.15 | Pascual de Omana | 0.05 |
| Rufino Santos | 0.05 | Marcelino Urbano | 0.05 |
| Leoncia Cajukom | 0.15 | Balbino Cruz | 0.1 |
| Leonardo de los Santos | 0.04 | | |
| Kabuuan | | P.60 | |

**San Roque, Bulakan, Bulakan- 12 Peb. 1933**
**Sa Pangangasiwa ni Ismael Veneracion**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Ismael Veneracion | P0.30 | Dionisio Pagtalunan | 0.10 |
| Aldiano Enrile | 0.1 | 0Pablo Santos | 0.10 |
| Aniceto Villasenor | 0.10 | Magno Salaysay | 0.10 |
| Manuel Santos | 0.17 | Felipe M. Cruz | 0.10 |
| Macario B. Manabat | 0.05 | Andres de Guzman | 0.10 |
| Rosallo de la Cruz | 0.10 | Vicente Salaysay | 0.10 |
| Amando de la Cruz | 0.10 | | |
| Kabuuan | | P1.52 | |

**Kanumay, Polo, Bulakan- 12 Peb. 1933**
**Sa Pangangasiwa ni Jose San Diego**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Apolonio Juliano | P0.15 | Francisco de Jesus | 0.20 |
| Manuela Juliano | 0.05 | Isang Maka-Sakdal | 0.20 |
| Rosendo Juliano | 0.05 | Claro Rasi (ikalawa) | 0.05 |
| Genaro Juliano | 0.20 | Batang Kanumay | 0.10 |
| Hilario Juliano | 0.05 | Modesto Francisco | 0.1 |
| Lorenzo San Diego | 0.20 | Catalino Francisco | 0.1 |
| Kabuuan | | P1.45 | |

**Pinaghanguan: (*Pahayagang Sakdal*, 18 Pebrero 1933, 2)**

Sa kanyang "Ang Bayaning Bayan…" na inilimbag sa *Pahayagang Sakdal* noong 1931, ipinaghambing ni Miguel Cristobal ang pagkilos ng mga Sakdalista sa pagpapadala ng sugo sa isang bunga ng bayabas na kusang malalaglag kapag hinog na ito. Ginamit din niyang simbolismo ang tubig na umaapaw at bulkan na sumasabog na kahahantungan ng bayan sa sandaling "tigib na ito sa pagkaalipin." Ipinahayag din sa tula na ang pagdaralita ng Pilipinas ay sanhi ng maling pamamalakad at kasamaan ng mga pinuno nito. Binigyang diin sa tula ang salungatan ng katangian ng isang pinunong matapat ngunit dumaranas ng hirap at dusa, subalit handang humarap sa kamatayan sa mga kasalukuyang pinunong puro luwalhati, tamis, at magandang buhay ang tinatamasa.

Binigyang halaga rin ni Cristobal ang mga bantog na tao na nagpakahirap o namatay para sa isang dakilang layunin. Bilang halimbawa, tinukoy niya ang mga dakilang bayani tulad nina Andres Bonifacio, Jose Rizal, Marcelo Del Pilar, at maging si Hesus na nagsakripisyo para sa kapakanan ng nakararami. Kasama rin sa pagtukoy ang ibang mga "apostol" na nagtiis upang ang bayan nila ay hindi maalipin, katulad nina George Washington, Jose Burgos, Mahatma Gandhi, Otto von Bismark, at Sun Yat Sen. Pangunahing mensahe ng unang limang saknong ng tula na ang pagtalima sa isang layon ay may kaakibat na pasakit at paghihirap:

Bunga ng bayabas di man daw pitasin sa binibitinan
kapagka hinog na'y kusang nalalaglag magmula sa tangkay;
ang tubig sa baldi kapagka puno na ay nagsisiapaw,
pagpuno ng init ay sumasabog din ang tulog na bulkan.

Ganyan din ang bayan kapagka sukdol na sa pagdaralita
at ang kasamaan ng mga pinuno'y di na masawata;
iyang bayang iyan ay magpupumiglas at magkakawala
pitong susong bundok kanyang titibagin upang makalaya.

Mula nang ang mundo'y maging isang mundo ng kabulaanan
walang di naghirap kailan man at lider na tapat sa bayan;
datapuwa't gayon man yaong mga taong sadyang matatapang
ang dusa'y luwalhati, ang hirap ay tamis, kamataya'y buhay.

Sa isang sabsaban doon isinilang ang anak ng Diyos,
si Gat Bonifacio'y ni walang kabaong nalibing sa bundok;
sa buhay ni Rizal apat na pung punglo ang nangagsitapos
at kay Gat Del Pilar ang umutas nama'y gutom at himutok.

Datapuwa't lahat ng dalita't dusa ay nangatiis din
ng mga apostol ng lahat ng bayang ayaw paalipin;
mula kay Washington, kay Burgos, kay Gandhi, kay Bismark, Sun Yat Sen
nuong dumating na ang awa ng Diyos langit ay nagningning. (*Pahayagang Sakdal,* 28 Nobyembre 1931, 2)

Inihalintulad ni Cristobal ang pagpapadala ng sugo sa pagdating ng isang bagong Mesias na makikipagtuos sa mga taksil at mga dayuhan. Tinukoy rin na ang bagong Mesias ay magmumulat sa mga bulag na mata, magpapadinig sa mga binging tenga, magbibigay ng ginhawa sa mga lumpo at pilay, at, higit sa lahat, bubuhay sa mga patay nang pag-asa. Taimtim ang paniniwala ni Cristobal nang ipahayag niyang nagbalik na ang Kristo na tanggulan ng sawimpalad at tutubos sa lahat ng naghihirap. Ipinagmalaki niya na ang kilusang Sakdal ay naging parang apoy na lumiliwanag sa gabing madilim at malawak ang naaabot na mga bayan katulad ng Rizal, Cavite, Batangas, Kapiz (Capiz), Pampanga, Negros, Bulakan (Bulacan), Laguna, at maging sa Dampalit (Malabon). Sa huli, binigyang katwiran na hinog na ang loob ng bayan sa pagnanais nitong kumawala sa pagka-alipin at ang lahat ay nagkakaisa sa pagtugon sa tambuling sumasagisag sa dakilang diwa at pagmamahal sa bayan:

Ang bagong Mesias ang siyang lalagot ng kabalighuan
ng kalahing taksil at ng walang loob ng mga dayuhan;
ang bagong Mesias ang siyang lilinis ng dumi at sukal
na nangakakalat sa landasin nating tungo sa tagumpay.

Ang Bagong Mesias ang magpapalinaw sa bulag na mata
ang Bagong Mesias ang magpapadinig sa nabinging tenga;
ang Bagong Mesias ang sa lumpo't pilay magpapaginhawa
ang Bagong Mesias bubuhay ng ating patay ng pagasa.

Kaya magdiwang ka, magalak ka ngayon bayang sawing palad
may tanggulan ka na, may Kristong tutubos sa lahat mong hirap;
nagbabalik na nga't ngayo'y humaharap ang nangakalipas
ang diwang bayani ng kapatid nating kinain ng ulap.

Ang tinig ng "Sakdal" na dati ay isang maliit na titis
ngayo'y naging apoy at nagsilbing tanglaw sa gabing pusikit;
abot ang liwanag sa Rizal, Cavite, Batangas at Kapis,
Pampanga at Negros, Bulakan, Laguna, hanggang sa Dampalit.

Anopa't, wala na, hinog nang talaga ang loob ng bayan
itong buong lahi'y gusto nang kumalag sa kaalipinan;
kaya't isang ihip lamang ng tambuli'y agad nagtugunan
binate ng yakap ang Dakilang Diwa ng kanilang bayan. (*Pahayagang Sakdal*, 28 Nobyembre 1931, 2)



Sa "Panahon Na" ni Enrique Agleham, ipinahayag niyang panahon na ng pagtatalaga ng sugo ng bayan (*Pahayagang Sakdal*, 26 Nobyembre 1932, 3). Batid ni Agleham na sa mahabang panahon ay walang nararating ang pagsulong ng mga politiko ng kalayaan. Nagbigay siya ng alternatibong solusyon upang magkaroon ng buhay ang mithiin ng mga Pilipino para sa kasarinlan. Ayon sa kanya, subok na ng bayan ang mga taong may dunong at mayaman subalit ang pagkabayani ay pawang nasinag lamang sa ganda ng mukha at pilak at walang isinusulong na tunay na kalayaan ng bayan. Ipinahayag niya na panahon na upang subukan naman ang taong maralita at baka sakaling sa pamamagitan nila ay maisasakatuparan ang kalayaan.

Ipinaabot din ni Agleham ang paghingi ng tulong ng samahan upang suportahan ang dalawang kinatawan na ipadadala sa Amerika. Sa pamamagitan nito, naipahayag din niyang ang Sakdal ay isang makabayang samahan na may layuning isulong ang mga "kapatid na tapat." Sa huli, ipinaalala niyang ang tagumpay ng Sakdal na makamit ang lubos at ganap na kasarinlan ay nakasalalay sa salaping malilikom mula sa mga mambabasa.

Ayon kay Agleham, ang Sakdal ang saligan ng taong bayan, ang tunay na kinatawan ng bawat Pilipino na nagnanais ng isang wagas at tunay na kasarinlan, kung kaya't kakikitaan ng tunay na pagpapakasakit at pagpapakahirap para sa Inang Bayan ang samahan. Makikita ang kabuuang diwa ng tula sa mga sumusunod na saknong:

Ang pagka-bayani'y nasisinag
Sa ganda ng mukha, sa dunong, sa pilak,
"Kahit isang dukha at laki sa gubat,
Kung laan sa Baya'y di mo mahahamak."

Ngayo'y panahon nang dapat mong piliin,
Ang magiging SUGO sa iyong mithiin;
Kahit maralita ay iyong suguin,
Kailan ma't tapat sa iyong layunin.

Ang minimithi mong iyong KALAYAAN,
Sa palad ng dukha'y baka magkabuhay;
Nakita na nating wala sa Mayaman,
Bakit di subuking sa Dukha'y asahan?

MAHAL NA KALAHI: Ang palad mong bukas,
Huwag mong tikumin sa nahinging habag;
Batid mong ang isang may mahinang pakpak,
Di makalalayo sa kanyang paglipad.
Ang SAKDAL ay mayrong Makabayang Hangad,
Magsugo ng mga Kapatid na tapat.
Sa ating Paglayang inagaw ng lakas…
Alam mo rin namang di makapaglalayag
Kung di tutulungan ng lubos at ganap,
Kaya na sa IYO ang ikatutupad…..(*Pahayagang Sakdal*, 26
Nobyembre 1932, 3)

Ipinagpatuloy at higit na pinaigting mula Disyembre 1932 hanggang Enero 1933 ang kampanya sa paglikom ng sapat na salapi para sa misyong pangkasarinlan ng Sakdal. Idinaos noong 11 Disyembre 1932 ang isang malakihang pagpupulong na tinaguriang "Miting ng Bayang Malaya" sa Olympic Stadium sa Maynila na dinaluhan ng mga Sakdalistang delegado mula sa mga lalawigan ng Rizal, Laguna, Batangas, Bulakan, Cebu, Iloilo, Zambales, Tayabas, Nueva Ecija, Cavite, Tarlac, Navotas, Muntinglupa, at Subic (*Pahayagang Sakdal*, 17 Disyembre 1932, 1).

Ipinarating ng mga Sakdalista sa pulong na ito ang diwa ng kanilang suporta para sa dalawang kinatawan na hihiranging sugo para sa kasarinlan. Ipinahayag din sa nasabing pulong ang mga sumusunod na saloobin ng iba't ibang delegado na binansagang "Sigaw ng Bayan":

1. "Sakdal: walang panginoon kundi ang bayan, Mabuhay ang bayang ayaw paalipin ng mga Bayani! Lubos at kagyat na Kasarinlan lamang ang aming kailangan"—Sta. Cruz, Laguna.
2. "Pagsasariling kagyat at ganap ang hingi naming"—Muntinlupa, Rizal.

3. “Ang Bayang Pila, Laguna sa lubos at kagyat na Kasarinlan lamang.”
4. “Kasarinlang ngayo’t ngayon din ang tanging lunas sa kasalukuyang paghihikahos”—Rosario, Batangas.
5. “Ganap na kumakatig sa simulain ng Sakdal, na Kasarinlan lamang ang kailangan”—San Jose Del Monte, Bulakan.
6. “Sa lubus at ganap na Kasarinlan”—Gapan, Nueva Ecija.
7. “Ang Maynila sa Kasarinlan ngayon din at kung hindi ibigay, bahala na ang Diyos.”
8. “Pagsasariling Ganap na Pilipinas”—San Jose, Nueva Ecija.
9. “San Leonardo Nueva Ecija, laban sa paumatumat na pagsasarili.”
10. “Aloneros, Tayabas, sa kanyang mithing kalayaan.”
11. “Pagsasariling lubus at kagyat”—Banlik, Kabuyaw, Laguna.
12. “Atimonan, Tayabas, sa ganap na kasarinlan.”
13. “Cabanatuan, Nueva Ecija, sa Pagsasariling lubos at kagyat.”
14. “Imus, Cavite, laban sa Hawes-Cutting & Hare Bill.”
15. “Lipa, Batangas, Pagsasariling ganap at lubus, ang aming nais.”
16. “Subic, Zambales, Independencia Immediata y Completa.”
17. “Tarlac, Tarlac, Pagsasariling walang anumang condicion.”
18. “Ganap na Kasarinlan lamang”—San Ildefonso, Bulakan.
19. “Sa Miting ng Bayang Api ukol sa Kasarinlan, kami’y nakikianib”—San Miguel de Mayumo, Bulakan.
20. “Angat, Bulacan, sa ipinagkaisa ng Bayang Pilipino.”
21. “Kalayaan, Kalayaan ang sigaw ng Bayang Api”—Baliwag, Bulakan.
22. “Gulod, Kabuyaw, Laguna, katig sa ipagkakaroon ng mithing Kasarinlan.”
23. “Kung walang Kasarinlan ay walang Karangalan”—Ugong, Pasig, Rizal.
24. “Kaayon kami ng Kasarinlang kagyat”—Cebu, Cebu.
25. “Hemos luchado porila independencia y no por obtener basa-basa”—Iloilo, Iloilo.
26. “Kalayaan lamang ang hingi naming”— Ibahay, Capiz.
27. “Ang bayan nina Rizal ay di makalilimot kailan man sa kanyang Kasarinlan”—Malabon, Rizal

(*Pahayagang Sakdal*, 17 Disyembre 1932, 1)

## Benigno Ramos Bilang “Sugo ng Bayang Api”

Ibinalita sa *Pahayagang Sakdal* noong 17 Disyembre 1932 na sina G. Benigno Ramos at G. Narciso Lapus ang napiling kinatawan na ipadadala sa Amerika upang isulong ang kasarinlan (*Pahayagang Sakdal*, 17 Disyembre 1932, 1). Napagkasunduan sa pulong na: ipagpapatuloy ang pagkalap ng abuloy na gugugulin para sa gastusin ng dalawang sugo; bubuuin ang isang pambansang lupon; at itatalaga si Celerino Tiongco bilang pansamantalang patnugot ng pahayagan (Terami-Wada 2014, 31).

Inilathala noong 14 Enero 1933 ang halaga ng nakolektang abuloy ng Sakdal mula sa mga tagasuporta at mambabasa nito. Ayon sa artikulo, malayo pa rin sa napagkasunduang P4,000.00 ang halagang nakalap sapagkat umaabot lamang sa P1,387.46 ang kabuuang salaping nalikom. Nagpaabot ng mensahe ang pamunuan ng Sakdal sa mga kababayan na kung sakaling hindi malilikom ang kabuuang halaga ay hindi na itutuloy ang binabalak na pagpapadala ng sugo sa Amerika. Sa ganang ito, nangangahulugang walang suporta ang taong bayan at hindi naniniwala sa layunin ng samahan. Ipinaabot din sa mga nagsipagbigay ng abuloy na tingnan ang listahan ng mga pangalan sa mga sipi ng pahayagan bilang katibayan na naitala ang kanilang mga ambag na salapi (*Pahayagang Sakdal*, 14 Enero 1933, 1).

Sa halip na maparam ang layunin ng Sakdal na magpadala ng sugo, higit na dumagsa ang tulong hindi lamang mula sa mga kababayan sa Pilipinas kundi maging mula sa mga Pilipino na nasa Estados Unidos. Inilathala ng *Pahayagang Sakdal* noong 4 Pebrero 1933 ang pagbibigay ng P100.00 ni Elpidio Obediente na nagtatrabaho sa bapor sa Amerika. Ipinahayag din sa nasabing artikulong hindi ito ang unang pagkakataong nagbigay si Obediente. Nailathala na rin sa ibang siping una na siyang nagbigay ng P100.00 para sa ikatatagumpay ng pagpapadala ng sugo ng Sakdal. Muling nanawagan ang pahayagan sa suporta ng taong bayan at ipinaalala nito ang pangunahing layunin ng ilang nauna nang politiko sa paghingi ng batas pangkasarinlan sa Pilipinas at maging ang katunayan ng mga batas na ito. Ang Hare Hawes-Cutting Act na naisulong sa pamamagitan ni Osmeña ay para lamang sa kabutihan ng mga politiko at kamatayan naman ng bayang Pilipinas (*Pahayagang Sakdal*, 4 Pebrero 1933, 1). Ipinahatid ng pamunuan ng Sakdal ang paghamon nito sa mga kababayan at patuloy na paghingi ng suporta sa mga sumusunod na pahayag:

> Tingnan naman natin kung ano ang magagawa ng sugo ng bayang malaya. Matitiyak nating hindi sila mag-uuwi ng ganyang mga bill na pamatay at anuman ang mangyari ay walang salang ang bayan natin ang magtatamo ng karangalan sa halip na malugmok sa kahihiyan.
>
> Lahat ng kalayaan ay hindi kinukuha ng mga taga-pamahalaan. Ang taga-pamahalaan ay walang nalalamang kunin kundi katungkulan. Tanging mga taong malalaya lamang ang nakakukuha ng kalayaan. Ngayon lamang natin masusubok ang ganitong paraan kaya huwag sanang magkait ng pag-abuloy ang aming mga kaisang damdamin. (*Pahayagang Sakdal*, 4 Pebrero 1933, 1)

Bilang palatandaan at patunay ng kanilang suporta, naghandog ng pag-asa sa dalawang kinatawang sina Ramos at Lapus ang tulang *Suob* na kinatha ni Rufino Santos (*Pahayagang Sakdal*, 4 Pebrero 1933, 4). Humihingi ng gabay mula sa "Amang Dakila" ang unang dalawang saknong ng tula upang bigyan ng kalinga at pansin ang mga taong api at aba. Bahagi rin ng tula ang pag-aalay ng dasal para sa

dalawang napiling sugo na sila ay patapangin upang makamit ang layunin ng kalayaan ng Pilipinas. Ipinagdasal ng makata na baguhin ang loob ng mga mananakop na Amerikano upang tuluyang mapalaya ang mga Pilipino. Ang salitang "suob" sa tula ni Santos, na maaari ring awitin sa saliw ng *The Star Spangled Banner,* ay nangangahulugan ng pagbibigay ng pangaral o pagkilala sa isang tao o sa isang dakilang gawain. Sa tula ni Santos:

I
Oh Amang Dakila,
lipus ka ng awa
sa nagdadalitang
manga api't aba.
II
Bayang nawakawak,
ngayo'y tumatawag,
lawitan ng habag,
kami ay iligtas.

III
Iyong patapangin,
puso ng sugo namin,
sa Amerika'y hingin,
Kalayaan namin.
IV
Pagbaguhin Mo ng loob,
ng sa ami'y nakasasakop
Laya nami'y itulot
sa ami'y ipagkaloob. (*Pahayagang Sakdal*, 4 Pebrero 1933, 4)

Sa kasamaang-palad nagkaroon ng hidwaan sa pagitan ng pamunuan ng Sakdal at ni Narciso Lapus. Inilathala sa pahayagang *Mabuhay* ang naging pagbatikos ni Lapus at kasamang Hermenegildo Reyes hinggil sa pagpapadala ng sugo, pagbibigay ng mga abuloy, at maging ang pagbibigay ng salapi kay Heneral Artemio Ricarte na noon ay nasa bansang Hapon at may sakit. Ang laman ng pambabatikos ni Lapus ay ang sumusunod: hindi pagbibigay ng resibo ng *Pahayagang Sakdal* sa mga taong nagbigay ng salapi para sa pagpapadala ng sugo sa Amerika; pag-akusa na matagal nang dapat na umalis ang sugo ng Sakdal noon pang 15 Enero 1933; labis at sobra-sobra ang nalikom na salapi mula sa ambagan; at ang paratang na hindi tunay na ibinigay kay Heneral Ricarte ang mga abuloy noong Agosto 1931 (*Pahayagang Sakdal*, 18 Pebrero 1933, 1).[1]

Inilimbag sa *Pahayagang Sakdal* noong 18 Pebrero 1933 ang tugon ng pamunuan ng Sakdal hinggil sa mga paratang ni Lapus. Ang pagbibigay ng resibo ay hindi na kailangan dahil inililimbag ng pahayagan ang listahan ng mga taong nagbigay ng abuloy at halaga ng salaping ibinigay nila. Kung sakaling hindi

nailathala ang pangalan ng mga taong nagbigay, malaya at may karapatan silang magreklamo laban sa pamunuan ng Sakdal. Sinagot din ng pamunuan ang ikalawang pambabatikos ni Lapus na kung sila lamang daw ang tatanungin ay noong Nobyembre 1932 pa nila nais umalis ang sugo ng bayan, ngunit hindi sapat at kulang pa ang salaping naipon. Hinggil naman sa paratang ni Lapus na sobra-sobrang abuloy, ipinahayag ng pamunuan sa siping inilabas noong 14 Enero 1933, na hindi pa sapat ang halagang nalikom. Ipinaalala rin ng pamunuan na ang pagpapadala ng salapi kay Heneral Ricarte ay naipahayag na sa sipi noong 25 Hulyo 1931, na nagsaad na ang lahat ng abuloy ay diretsong ipadadala kay Ricarte at nakalakip ang lugar na kaniyang tinuluyan sa Yamashitacho 149, Yokohama, Hapon (*Pahayagang Sakdal*, 18 Pebrero 1933, 1). Matapos ang nasabing gusot, pormal nang tumiwalag sa samahan sina Lapus at Reyes at pansamantalang naudlot ang lakarin ng pagpapadala ng sugo sa Amerika (*Pahayagang Sakdal*, 4 Marso 1933, 1).

Ibinalita ng *Pahayagang Sakdal* noong 18 Pebrero 1933 ang pag-alis ni Ramos upang simulan ang kaniyang misyon bilang sugo ng bayang api. Itinakda ang kaniyang pag-alis noong 19 Pebrero 1933 sa ganap na alas-kuwatro ng hapon. Ibinalitang sasakay ng barkong *Empress of Asia* patungong Hongkong si Ramos at mula roon ay sasakay sa barkong *Tatsuta* patungong Amerika (*Pahayagang Sakdal*, 18 Pebrero 1933, 1). Sadyang hindi natuloy si Ramos sa kaniyang unang pagtatangkang makapunta sa Amerika dahil na rin sa pagpigil ng mga tinaguriang kaaway ng samahan, kung kaya't inihanda at itinakda ng pamunuan ang kaniyang muling pag-alis sa huling mga araw ng Marso 1933. Bahagi rin ng paghahanda ang pormal na pagtatalaga kay Celerino Tiongco bilang pansamantalang patnugot na napagkasunduan na noong 1932. Hinirang din sina Felino Cajukom, A.T. Velisario, M.P. Ramos, Ricardo Francisco, M. Tan, Isidoro Samonte, Wistano Biroy, Eugenio Salazar, Maria Ronquillo, Juan de Mesa, Roberto Brenon, Rafael Teodoro, at Zosimo Badiola bilang mga kaagapay ni Tiongco sa pagpapatakbo ng pahayagan (*Pahayagang Sakdal*, 4 Marso 1933, 4).

Sa tulang may pamagat na "Kilos Kayo" ni Fidel G. Santos na mula sa Tagig (Taguig), Rizal, nanawagan ito sa mga kababayan na alalayan ang misyong pangkasarinlan ng Sakdal bilang isang lakarin ng bayang api at tunay na nagtataglay ng diwa at saloobin ng mamamayan para sa kalayaan (*Pahayagang Sakdal*, 4 Marso 1933, 2). Ipinarating ni Santos ang kaniyang dalangin sa Lumikha na magkaisa ang lahat at magpahiwatig ng kaisahan ng damdamin upang matamo ang kalayaan laban sa tinagurian niyang imperyalistang dayuhan. Nagpahatid din ng mensahe ang nasabing tula ni Santos sa mga kababayan na pangunahin at pinakamahalaga sa lahat ang pagdadamayan, pagmamahalan sa kapuwa, at pag-ibig sa bayan. Hinimok din niya ang kanyang mga kababayang huwag lamang ilagay ang buhay sa tahimik, at sa halip ay makisangkot at huwag matakot sa pagsalungat sa nakasanayang landasin. Ayon sa kanya, ang hindi pagbabago sa dating landasin

ay magdadala lamang sa bayan sa "kumunoy" at lahat ay pawang matitigatig at "magigipit." Ang sumusunod ang kabuuan ng nasabing tula:

Kumilos ka aking lahi
    pagsikapang alalayan
    ang mision ng bayang api
    na diwa ng ating bayan.

Idalangin sa Lumikhang
    magkaisa ng kilusan
    kalayaang minimithi
    atin nawang masumpungan.

Kung tayo'y magkaisa
    kalayaa'y makakamtan
    sapilitang igagalang
    nang imperialistang dayuhan.

Kaya bayang ginigiliw
    panawaga'y iyong dinggin
    magkaisa ng damdamin
    kalayaan nang sapitin.

Tayong lahat magmahalan
    ako't kayo'y magdamayan
    ibigin ang ating bayan
    una sa lahat ng bagay.

Kung hindi nga ang gagawin
    magkaisa ng damdamin
    hindi tayo mamahalin
    ng banyagang naniniil.

Kung baga at magtutuloy
    sa landas na tinutunton
    sa dulo niya'y kumunoy
    pilit tayong mababaon.

Kaya tayo ay suminsay
    magiba tayo ng daan
    ang tawag ko ay pakinggan
    siya nating katubusan.

Kaya huwag kang kaniig
    sa buhay na matahimik
    panahon ang nagsusulit
    pilit tayong magigipit. (*Pahayagang Sakdal*, 4 Marso 1933, 2)

Noong 22 Marso 1933, dumating si Ramos at kapanalig na si Crespo sa bansang Hapon. Dinalaw ni Ramos si Ricarte na buong puso siyang tinanggap sa kaniyang tahanan. Nagkasama ang matandang rebolusyonaryo at ang sugo sa loob ng dalawang araw na ikinatuwa ni Ricarte na kilala rin sa taguring Vibora. Ganap na alas-tres ng hapon noong 23 Marso 1933, inihatid nina Ricarte, G. Cruz, Anzores, Dr. Gaerlan, at Dr. D. Maruyama ang dalawang sugo ng bayang api sa daungan upang simulan ang kanilang paglalakbay sakay ng *Asama Maru* patungong Amerika (*Pahayagang Sakdal*, 8 Abril 1933, 1).

Isang linggo matapos makaalis ng bansang Hapon, dumaong sa Honolulu ang barkong Asama Maru lulan si Ramos at Crespo noong 31 Marso 1933. Tinanggap ng libo-libong Pilipino ang dalawa at, noong 1 Abril 1933, nagsagawa sila ng pulong upang maihatid sa mga kababayan ang simulain at ipinaglalaban ng grupong Sakdal (*Pahayagang Sakdal*, 8 Abril 1933, 1). Bilang pagpupugay sa misyon ni Ramos, nagtanghal ng isang awitin at sayawan ang Filipino Labor Union noong 10 April 1933 sa Hotel Garlen, Honolulu (*Pahayagang Sakdal*, 1 Hulyo 1933, 1).

## Ang Sugo at ang *Manila Sakdal's Supplement*

Tumulak si Ramos patungong California sa mga huling araw ng Mayo 1933, upang ipagpatuloy ang kaniyang pangangampanya para sa mithiin ng Sakdal. Sa tulong ni Tomas D. Española na isang beterano ng Himagsikan mula sa Stockton, California, itinatag nila ni Ramos sa Amerika ang *Manila Sakdal's Supplement*, bilang pahayagang katumbas ng Sakdal na nakabase sa Maynila (Terami-Wada 1994, 69). Habang nasa California, naglathala si Ramos ng mga artikulo na nakasulat sa wikang Ingles at may sumusunod na titulo: "The Sooner We are Freed the Better for the USA", "The Japanese Menace is But a Bugaboo", at "Give the Filipinos their Liberty—Judge Bulger". Muling inilimbag ang mga siping nakasulat sa wikang Ingles ng *Pahayagang Sakdal* sa Maynila noong 1, 15, at 29 Hulyo1933.[2] Pormal ring binuo ni Ramos ang balangay ng Sakdal sa Amerika na may sumusunod na pamunuan: Benigno Ramos bilang punong patnugot; Tomas D. Española bilang tagapamahala; Ramon C. Crespo bilang pangalawang tagapamahala; at Tomas D. Flores bilang tagapamahala. Ang tanggapan ng *Manila Sakdal's Supplement* ay nasa 303 South El Dorado Stockton, California, U.S.A. (*Pahayagang Sakdal*, 1 Hulyo 1933, 3).

Mababakas sa mga siping inilimbag ni Ramos at Española sa Amerika ang mga mithiin at layunin ng Sakdal. Inihayag ni Ramos dito ang tungkulin ng bansang Amerika na tuparin ang pangako nitong kasarinlan sa Pilipinas na nakapaloob sa Batas Jones noong 1916. Idinagdag pa ni Ramos na ang pagtupad ng Amerika sa pangakong ito ay siyang higit na magpapatunay sa imahen nito bilang isang bansang tunay na demokratiko (*Pahayagang Sakdal*, 1 Hulyo 1933, 1).[3] Tinukoy rin ni Ramos ang tunay na salarin sa hindi pagtatamo ng Pilipinas ng kalayaan at

ito ay ang maling pamamahala at nalilihis na layunin ng mga politikong Pilipino. Ayon kay Ramos, kung naging tapat lamang sana ang mga pinunong Pilipino sa kanilang tungkulin ay matagal nang nakuha ng bayan ang kasarinlan mula sa mga Amerikano (*Pahayagang Sakdal*, 1 Hulyo 1933, 1).[4] Panghuli, ipinahayag ni Ramos ang kaniyang paniniwala na ang mga Pilipino ay may pananalig sa Amerika at sa pamahalaan ng mga Amerikano na tutupad ito sa pangakong kasarinlan para sa Pilipinas. Ayon kay Ramos, lumalaban nang lantaran ang Sakdal sapagkat ang pagsulong ng kasarinlan ng bansa ay makatuwiran at alinsunod sa Batas Jones ng 1916. Ang kabuuang layunin ng sugo ng bayang api sa Amerika ay muling inilimbag ng pahayagan na may sumusunod na pagpapahalaga:

> Kami'y lumalaban ng lantaran. Magiging isang malaking kamalian na sabihin o sapantahain na kami'y mayroong lihim na hangarin o pakanang hindi tumpak. Mayroong kaming ilang mga kalaban na ang ginagawa'y lukuhin ang bayan at ang Pamahalaan sa pamamagitan ng pagpapaangkin sa amin sa mga hangaring ni kailan ma'y hindi namin napapanaginip, at mga baki-baking lubhang nakapagtataka.
>
> Mayroong kaming pananalig at paniniwala sa Bayang Amerika at sa Pamahalaang Amerika. At dahil nga sa pananalig na ito kung kaya't kami'y ipinadala ng aming bayan upang paratingin sa inyo ang aming karaingan at sabihin sa inyo ang aming layunin. Nalalaman naming kami'y nasa ilalim ng isang Pamahalaang itinatag at nakatatag sa saligan ng katarungan, kalayaan, at pagkakapantaypantay, na itinuturing naming isang katungkulan na ipagbigay alam sa inyo ang tunay na katayuan ng Kapuluan upang sa gayo'y maiwasan ang anomang hindi pagkakaunawaan at malungkot na bunga nito.
>
> Wala kaming alinlangan, ni bahid man, na sa minsang maunawaang lubos ng Bayang Amerika ang tunay na katayuan kinalalagyan ng Pilipinas, ay kanilang itatagubilin sa kanilang mga kinatawan sa Kongreso na ibigay agad ang aming pinakamimithing kalayaan nang walang anomang tali o pasubali.
>
> Sa landas na aming tinatalunton, hindi kami nagaatubiling ipahayag ang aming lubos na pananalig sa katumpakan ng aming hangarin. Walang anomang balakid na makapipigil sa amin sapagka't kami'y naniniwala na ang tumpak na pakikipagkapuwa ng Amerika ay nasasalig sa kasaysayan noong una at ngayon man. Minsan ang aming layunin ay naging layunin din ng bayang ito. Kaya kami'y lumalaban ng lantaran!" (*Pahayagang Sakdal*, 1 Hulyo 1933, 1).[5]

Sa kalagitnaan ng Hunyo 1933, nagpasiya si Ramos na ipagpatuloy ang kaniyang kampanya at tumungo sa Washington (Terami-Wada 1994, 70). Sa isang kablegramang ipinadala ni Benigno Ramos sa kaniyang asawa na si Liboria de Castro-Ramos noong 19 Hunyo 1933, ipinarating niya na ang kanilang grupo ay kasalukuyang nasa Salt lake, Utah at patungo ng Washington upang makaharap

ang Pangulong Roosevelt ng Amerika. Kasama ni Ramos sina Manuel Insigne, Domingo Tejada, at Crespo. Isinama niya ang mga taong ito dahil sila lamang ang marunong magmaneho sa kotseng gagamitin sa paglalakbay (*Pahayagang Sakdal*, 1 Hulyo 1933, 1). Bukod dito, tinukoy rin ni Ramos na sina Flores at Española ang kinatawan at sugo ng mga Pilipino sa dakong Pasipiko at sina Insigne at Tejada naman ang kinatawan ng mga Pilipino sa pinakakabayanan ng Amerika (Mainland America). Ipinaabot ni Ramos sa kaniyang kabiyak ang pagtitiis at kahirapan nila sa Amerika, ang paglalakbay at pagmamaneho sa daan at hindi sa pamamagitan ng bus o tren, ang pagkain ng isang beses sa isang araw, at ang paglalaba ng sariling damit (*Pahayagang Sakdal*, 1 Hulyo 1933, 4). Sa huli, inilarawan ni Ramos ang kanilang lakarin na ibang-iba sa mga naging misyon ng mga politiko sa Pilipinas na puno ng kaginhawahan at karangyaan.

Bago pa man magtungo sa Washington si Ramos, batid na ng kanilang grupo na may balitang magbabakasyon si Roosevelt (*Pahayagang Sakdal*, 1 Hulyo 1933, 1). Sa huli, hindi rin nagtagpo si Ramos at Roosevelt, kung kaya't nagpasiya na lamang siyang bumalik sa Pilipinas noong Setyembre 1933. Sa muling pagbalik ni Ramos sa Pilipinas tuluyan niyang inihanda at binalangkas ang pagtatatag ng isang partidong politikal na higit na magbibigay ng tinig sa kanilang mga layunin at mga hangarin (Terami-Wada 2014, 34).

Sa mga misyong pangkalayaan ni Ramos sa Amerika, naging kaisa niya ang hangarin ng taong bayan sa pagtamo ng kasarinlan. Sa tulang pinamagatang "Sa Iyong Pag-alis" ni Abendan Gabriel ng Meykawayan (Meycauyan), Bulakan, ipinarating niya ang kadakilaan ng layunin ni Ramos bilang sugo ng bayang api (*Pahayagang Sakdal*, 15 Setyembre 1934, 3). Batid ni Gabriel ang pagpapakasakit at sakripisyong ginawa ni Ramos para sa kalayaan. Sa huli, ayon kay Gabriel, ang mga kasawian ni Ramos ay tutumbasan ng isang "pagpapala" na magmumula sa bayan:

> Iiwan mo ang sarili't tinubuan nating lupa
> iiwan mo ang lahat ng kadamdaming lumuluha;
> iiwan mo ang ina mong kakambal nang iyong diwa
> upang sundin ang tungkuling iniutos nang tadhana;
> ang lahat nang kasawian kung sa bayan, ay dakila
> kamatayang walang maliw, karangalang mawiwika;
> kung guhit nang kasawian na ang bayan ay lumaya
> magtuloy ka't kami rito'y handang sa iyo ay magpala.
> (*Pahayagang Sakdal*, 15 Setyembre 1934, 3)

Nagpahiwatig din ng kaniyang pakikiramay kay Ramos si Hermogena Evangelista ng Bangkal, Meykawayan (Meycauyan), Bulakan. Sa tulang "Dahil sa Gawain", ipinarating ni Evangelista ang sakit at lungkot ng paglisan sa bayang sinilangan dahil sa pagtalima sa gawaing dapat matupad, at siyang naramdaman ni Ramos

(*Pahayagang Sakdal*, 15 Setyembre 1934, 3). Isinaad ni Evangelista na kaakibat ng pagtitiis sa ibang bayan ay ang higit na pagpapatibay ng loob at ang pagiging handa sa mga kalaban. Sa huli, naniniwala si Evangelista na ang kalungkutan at pakanang lihim ng mga kaaway ay hindi magtatagumpay sa pakay ng pagkamit at pagsasabuhay sa diwa ng kalayaan. Hinimok ni Evangelista ang mga kababayan na suportahan at tangkilikin ang *Pahayagang Sakdal*:

Bagamat kalong ka nang dusa't bagabag
sa iyong pagyaon sa bayan mong liyag;
bagamat lipos ka nang hapis at lungkot
sa iyong paglayo sa kaisang-loob,
bagamat sakbibi nang kaba ang loob
na di na makita ang bayang mong irog,
bagamat masaklap malayo sa lahat
DAHIL SA GAWAING dapat na matupad;
Ang lahat nang ito'y pinalis sa hagap
mapalaya lamang itong bayang hirap.
Kaya akong ito sa iyong paglisan
tiba'y nang loob ko'y mahirap bawasan;
ang imbi't palalong lihim na kalaban
walang magagawa sa dakilang pakay.

PANAWAGAN:
Manga kababayan, huwag manghinawa
sa laging pagtunghay sa mga talata
nang tapat na SAKDAL na ating pithaya
na tanging sa ngayo'y Diwa ang Paglaya. (*Pahayagang Sakdal*, 15 Setyembre 1934, 3)

Noong 25 Nobyembre 1934, napabalita ang muling pag-alis ni Ramos upang kalabanin ang Batas Tydings-McDuffie. Sa halip na magtungo sa Amerika, pinili ni Ramos ang magtungo sa bansang Hapon upang doon hanapin ang kapalaran ng pagsasarili ng Pilipinas (Sturtevant 1976, 228). Sanhi ng kabiguan ni Ramos at ng misyong pangkasarinlan ng kilusang Sakdal sa Amerika, lubos na pinagnilayan ng samahan na makisangkot sa larangan ng politika sa bansa. Itinatag ng mga Sakdalista ang isang samahang politikal noong 29 Oktubre 1933, na tinaguriang *Lapiang Sakdal* (Sakdal Party) na hayagang sumagupa sa partido *Nacionalista*, ang pangunahing samahang politikal na kinabibilangan ni Quezon.

## Paglalagom at Pangwakas

Marami ng pag-aaral at mga pananaliksik ang nagbigay ng pansin sa mga misyong pangkasarinlan mula 1919 hanggang 1934. Kadalasang mapapansin na nakasentro lamang sa dominanteng partido at mga politiko katulad nina Quezon, Osmeña, at Roxas ang mga nasabing pag-aaral. Tinangka ng pananaliksik na ito na bigyan

ng pansin ang pagkilos ng mga Sakdalista sa pagpapadala ng "Sakdal Misyong Pangkasarinlan" at sugo ng bayang api noong 1932 hanggang 1933.

Sa mga kritikal na panahong ito, binuhay ng mga Sakdalista ang adhikain ng mga karaniwang mamamayan sa paghahangad ng isang tunay at wagas na kasarinlan para Pilipinas. Patunay rito ang ginawang ambagan ng mga mamamayan mula sa iba't ibang lalawigan ng bansa tulad ng Bulakan, Batangas, Nueva Ecija, Pampanga, Tayabas, Laguna, at Cavite upang isulong ang kampanya sa kasarinlan. Sa kakarampot na salapi na natira sa kanilang bulsa ay higit nilang ninais na ihandog ito sa isang banal na layunin ng pagtatamo ng kasarinlan ng bayan. Nagbigkis ang mga kulang-palad at makabayang Pilipino upang labanan ang isang huwad at mapanlinlang na kasarinlan na inilalatag ng mga Amerikano at pinipilit isulong ng mga politikong Pilipino. Sa pagtatapos ng lakarin ng "Sakdal Misyong Pangkasarinlan" at pagpapadala ng sugo ng bayang api, binuksan nito ang isang kamalayan na ang kabayanihan at ang pagmamahal sa Inang Bayan na unang isinilang noong 1896 sa panahon ng Himagsikang Pilipino ay patuloy na nanalaytay at binuhay ng mga Sakdalista sa kanilang diwa ng pakikipagtunggali at paglaban sa kolonyalismong Amerikano sa bansa.

## Talahuli

1. Inilathala rin sa *Pahayagang Sakdal* noong 18 Pebrero 1933 ang "Ayaw Ilathala ng Mabuhay", na sinubukang kausapin ng mga Sakdalista ang pamunuan ng Mabuhay at ang kanilang tagapamahala na si Lope K. Santos na maging patas sa pamamahayag. Nais ng pamunuan ng Sakdal na ilimbag din ng pahayagang *Mabuhay* ang panig nila hinggil sa mga paratang ni Narciso Lapus upang maging patas at mapakinggan ang magkabilang panig. Sa huli, tanging panig lamang ni Lapus ang inilimbag ng *Mabuhay*.
2. Ang mga siping inilabas ni Benigno Ramos sa Amerika ay muling inilimbag at isinalin sa Tagalog ng *Pahayagang Sakdal* sa Maynila noong mga unang araw ng Hulyo 1933 at mababasa sa ikatlong pahina ng pahayagan. Ang siping may titulo na "The Sooner We are Freed the Better for the USA" ay inilabas sa Maynila noong 15 Hulyo 1933. Ang "The Japanese Menace is But a Bugaboo" ay inilimbag noong 15 Hulyo 1933 at ang "Give the Filipinos their Liberty" ay inilathala noong 29 Hulyo 1933.
3. Ang artikulong "Dito Nababatay ang Aming Paghingi, Kung Kaya't Lihis sa Matuwid ang Pagdama, Kung Kami ay May Kakayahan o Wala" ay mula sa siping *Manila Sakdal's Supplement* na mula sa Amerika. Isinalin ang artikulo sa Tagalog at inilimbag ng *Pahayagang Sakdal* sa Pilipinas noong 1 Hulyo 1933.
4. Ang artikulong "Ang Aming mga Namamaling Pinuno" ay mula sa siping "Manila Sakdal's Supplement" na mula sa Amerika. Isinalin sa Tagalog ng isang taong itinago ang katauhan sa bansag na "Bagong Nayon". Ang sipi ay muling inilimbag ng *Pahayagang Sakdal* sa Pilipinas noong 1 Hulyo 1933.
5. Ang artikulong "Ang Aming Layunin: Lumalaban Kami ng Lantaran at Walang Anumang Lihim na Hangarin" ay mula sa siping "Manila Sakdal's Supplement" na inilathala sa Amerika. Isinalin ang artikulo sa Tagalog at inilimbag ng *Pahayagang Sakdal* sa Pilipinas noong 1 Hulyo 1933.

## Mga Sanggunian


Churchill, Bernardita. 1983. *The Philippine Independence Missions to the United States, 1919-1934.* Manila: National Historical Institute.

Constantino, Renato. 1998. *The Philippines: A Past Revisited.* Quezon City: Foundation for Nationalist Studies.

Pascual, Teresita. 1983. "The Sakdal Movement: A Historical Assessment." PhD Dissertation, Manila: University of Santo Tomas.

Sturtevant, David. 1976. *Popular Uprisings in the Philippines.* United Kingdom: Cornell University Press.

Terami-Wada, Motoe. 1992. *Ang Kilusang Sakdal, 1930–1945.* PhD Dissertation, Quezon City: University of the Philippines.

———. 1994. "Ang Pagkakatatag ng Kilusang Sakdal." Special Issue, *Philippine Social Sciences Review*. http://journals.upd.edu.ph/index.php/pssr/article/viewFile/2245/2174.

———. 2014. *Sakdalista's Struggle for Philippine Independence 1930–1945*. Quezon City: Ateneo University.


## Sangguniang Pahayagan


Agleham, Enrique. "Panahon Na." *Pahayagang Sakdal*, Nobyembre 26, 1932.

Cristobal, Miguel. "Ang Bayaning Bayan…" *Pahayagang Sakdal,* Nobyembre 28, 1931.

Evangelista, Hermogena. "Dahil sa Gawain." *Pahayagang Sakdal*, Setyembre 15, 1934.

Gabriel, Abendan. "Sa Iyong Pag-alis." *Pahayagang Sakdal*, Setyembre 15, 1934.

*Pahayagang Sakdal*. "Abuluyan sa Kasulatan at Sugo ng Bayang Api." Enero 14, 1933.

———. "Abuluyan sa Kasulatan at Sugo ng Bayang Api." Pebrero 4, 1933.

———. "Abuluyan sa Kasulatan at Sugo ng Bayang Api." Marso 4, 1933.

———. "Ang Aming Layunin: Lumalaban Kami ng Lantaran at Walang Anumang Lihim na Hangarin." Hulyo 1, 1933.

———. "Ang Aming mga Namamaling Pinuno." Hulyo 1, 1933.

———. "Ang mga Kusang Abuloy sa Kasulatan at Sugo ng Bayan Laban sa mga Bill Hare at Hawes-Cutting." Nobyembre 19, 1932.

———. "Ang mga Kusang Abuloy sa Kasulatan at Sugo ng Bayang Api." Nobyembre 26, 1932.

———. "Ang Tanging Gabi sa mga Taga Honolulu Para sa Sugo ng Bayang Api." Hulyo 1, 1933.

———. "Dito Nababatay ang Aming Paghingi, Kung Kaya't Lihis sa Matuwid ang Pagdama, Kung Kami ay May Kakayahan o Wala." Hulyo 1, 1933.

———. "Hindi Napaparam ang Pag-ibig sa Tinubuang Lupa ng Ating mga Kababayan na sa Honolulu." Abril 8, 1933.

———. "Ipagtatapat sa Amerika ang Ating Kaapihan: Nagpaalam ang Patnugot ng Sakdal." Pebrero 18, 1933.

———. "Lalong Nagtitibay ang Sigla ng mga Maralita sa Paguusig ng Kalayaan." Disyembre 17, 1932.

———. "Liham ng Mabunying Heneral Ricarte na Nagbabalita ng Pagkadalaw ng Aming Patnugot." Abril 8, 1933.

———. "Liham ng Sugo ng Bayang Api sa Kanyang Giliw na May-Bahay." Hulyo 1, 1933.

———. "Sa Miting ng Bayang Malaya." Disyembre 17, 1932.

———. "Sagot Kay Narciso Lapus." Pebrero 18, 1933.

Santos, Fidel. 1933. "Kilos Kayo." *Pahayagang Sakdal*, Marso 4, 1933.

Santos, Rufino. 1933. "Suob." *Pahayagang Sakdal*, Pebrero 4, 1933.

## TUNGKOL SA MAY-AKDA

Nagtapos ang may akda ng doktorado sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Kasalukuyang nagtuturo sa Departamento ng Kasaysayan sa pamantasang De La Salle. Nagkamit siya ng mga pambansang karangalan tulad ng NCCA (NCCA–National Commission for Culture and the Arts) Young Historian's Prize noong 2014 na ipinagkaloob ng Pambansang Komisyon Para sa Kultura at mga Sining at ang kauna-unahang Gawad Julian Cruz Balmaseda noong 2015, na ipinagkaloob ng Komisyon sa Wikang Filipino- KWF (Commission on the Filipino Language) Email address: marlon.delupio@dlsu.edu.ph

# Apendiks




Patay Na Ang Bayan Sa Sueldo Ng Mga Utusan Ni G. Quezon

MANILA


SAKDAL

ANG MGA SAKDAL NI GABALDON LABAN SA MISION ROXAS-SUMULONG

Larawan 1. Isa sa mga unang sipi na inilimbag ng *Pahayagang Sakdal* (30 Agosto 1930).




Larawan 2. "Miting ng Bayang Malaya" sa Olympic Stadium sa Maynila (*Pahayagang Sakdal*, 17 Disyembre 1932, 1).



Larawan 3. "Miting ng Bayang Malaya"Olympic Stadium, Maynila, 11 Disyembre 1932 (*Pahayagang Sakdal*, 17 Disyembre 1932, 1).




Larawan 4. Ang Pagsalubong ni Heneral Artemio Ricarte sa "Sugo ng Bayang Api" na si Benigno Ramos sa Yokohama, Hapon noong 22 Marso 1933 (Pahayagang Sakdal, 8 Abril 1933, 1).



Ang Tanging Gabi sa mga Taga Honolulu para sa Sugo ng Bayang Api

Larawan 5. "Ang Tanging Gabi sa mga Taga Honolulu Para sa Sugo ng Bayang Api," Hotel Garlen, Honolulu, 10 Abril 1933. Inihanda ng mga Pilipinong Kabilang sa Filipino Labor Union sa Amerika (Pahayagang Sakdal,  1 Hulyo 1933, 1).





ANG SUGO NG BAYANG API AT SI G. T. D. ESPAÑOLA

*STOCKTON, Calif. Hunio 7,—Ang larawang ito'y kuha sa aking kuwartong inuupahan dito sa Hotel Cebu Amerika na ari ng isang amerikano. Ang kabilang kuwarto ng tanggapan ng SAKDAL ay tulugan namin.*

*Ang aking kasama sa larawan, ay siyang ama-amahan ng lahat ng mga naninirahang pilipino dine, na parang tunay na anak ang paglingap sa akin. Siya'y si G. Tomas D. Española, taga Cebu, naging rebulusyunaryo at kaunaunahang suskritor ng SAKDAL dine sa Amerika.*

*May balak siyang sumama sa akin sa pagbalik ko sa Pilipinas upang makatulong sa ating kampanya.*

*Ala-ala sa lahat,*

Ben. *RAMOS.*

Larawan 6. Si Benigo Ramos at Tomas Española sa Stockton, California, U.S.A. Itinalaga si Española bilang tagapamahala ng sipi ng Sakdal sa Amerika (*Pahayagang Sakdal*, 15 Hulyo 1933, 1).




Larawan 7. Ang "Sugo ng Bayang Api" at ang sipi ng *Pahayagang Sakdal* sa Amerika na nakilala bilang *Manila Sakdal's Supplement* (*Pahayagang Sakdal*, 1 Hulyo 1933, 1).